أحكام وآداب إسلامية - فلبيني

# Mga Alituntunin at mga Magandang Asal sa Islam

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

6

هاتف: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٦٦ ـ فاكس: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٧٧

جمعية الدعوة بالزلفي

# Mga Alituntunin at mga Magandang Asal sa Islam

## أحكام وآداب إسلامية – اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# أحكام وآداب إسلامية

**أعده وترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة التاسعة: ١٤٤٢/٦ هـ.**


**ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٥هـ**

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية**

أحكام وآداب إسلامية / شعبة توعية الجاليات بالزلفي – الزلفي، ١٤٢١هـ

٤٣ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٥-٥-٨١٣-٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١- الآداب الإسلامية ٢- الأخلاق الإسلامية
أ. العنوان

ديوي ٢١٢ ١٥/٠٢٦٨

**رقم الإيداع: ١٥/٠٢٦٨**
**ردمك: ٥-٥-٨١٣-٩٩٦٠**

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa ngalan ni Allah,[1] ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

# أحكام وآداب إسلامية

# Mga Alituntunin at mga Magandang Asal sa Islam

## 1. Ang Katapatan at Takot kay Allah

Sinabi ni Allah (98:5):[2] **Walang ipinag-utos sa kanila kundi na sambahin nila si Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima,**[3]

Sinabi pa Niya (39:14): **Sabihin mo: Tunay na ako ay inutusan na sambahin ko si Allah bilang isang nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima.**

Sinabi pa Niya (3:29): **Sabihin mo: "Kung itago man ninyo ang nasa mga dibdib ninyo o ihayag ninyo ito, nalalaman pa rin ito ni Allah.**

Sinabi pa Niya (3:5): **Tunay na kay Allah ay walang maitatago sa Kanya na anuman sa lupa man ni sa langit.**

---

[1] Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang.

[2] Ang mga talata ng Qur'an o ang mga Hadíth na sinipi rito ay salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

[3] *O* relihiyon o pagsamba.

Ayon sa sinabi ni ‘Umar ibnu alKhattáb (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***Ang mga gawa ay nakabatay lamang sa mga layunin at ang bawat tao ay gagantimpalaan lamang ayon sa nilayon niya. Kaya ang sinumang lumikas[4] alang-alang kay Allah at sa Sugo Niya, ang paglikas niya ay para kay Allah at sa Sugo Niya. Ang sinumang lumikas alang-alang sa makamundong bagay upang ito ay makamit o alang-alang sa isang babae upang ito ay mapangasawa, ang paglikas niya ay ayon sa layon ng paglikas niya.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang pinakamapalad sa mga taong tatanggap ng Pamamagitan ko sa araw ng paghuhukom ay ang nagsabi ng*** **Lá iláha illa -lláh**[5] ***nang tapat mula sa puso niya.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay hindi tumitingin sa mga anyo inyo at mga yaman ninyo, subalit tumitingin Siya sa mga puso ninyo at mga gawa ninyo.***

Ayon kay Abú Dharr (RA), ayon sa sinabi ng Sugo ni Allah (SAS): ***Mangilag kang magkasala kay Allah saan ka man naroon. Pasundan mo ang masamang gawa ng mabuting gawa na papawi roon. Pakitunguhan mo ang mga tao ng magandang asal.***

---

[4] Ang paglipat sa lupain ng mga Muslim kung kinakailangan.
[5] Walang Diyos kundi si Allah.

## Ang mga Aral

1. Na ang katapatan o wagas na pag-uukol kay Allah ay ang kundisyon upang matanggap ang mabuting gawa at ang pagpaparami pang lalo ni Allah ng gantimpala ay nakasalalay rin dito.
2. Na si Allah ay walang pangangailangan sa katambal at hindi Niya tatanggapin ang anuman kung hindi tapat na inukol sa Kanya. Nasasaad sa isang Hadíth Qudsíy[6] na si Allah ay nagsasabi: ***Ang sinumang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya sa Akin sa pag-uukol nito sa iba pa sa Akin, iiwan Ko siya kasama ng pag-tatambal niya.***
3. Kailangang magkaroon ng pangingilag na magkasala kay Allah at matakot sa Kanya sa lahat ng sandali yamang walang anumang bagay na nalilingid sa kanya maging sa lupa man o sa langit.

## 2. Ang Shirk at ang Kabutihan ng Tawhíd

Sinabi ni Allah (31:13): **Tunay na ang pagtatambal *kay Allah* ay talagang isang sukdulang paglabag sa katarungan.**

Sinabi Niya (4:48): **Tunay na si Allah ay hindi magpa-patawad na tambalan Siya ngunit mapatatawad Niya ang anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya.**

Sinabi ni Allah (39:65): **Talaga ngang isiniwalat sa iyo at sa mga nauna sa iyo na talagang kung nagtambal ka *kay Allah* ay talagang mawawalang-kabuluhan ang**

[6] Ang Hadíth Qudsíy o Banal na Hadíth ay salita ni Allah sa kahulugan na ipinahayag sa pananalita ng Propeta Muhammad (SAS).

**gawa mo at talagang magiging kabilang ka nga sa mga nalulugi.**

Sinabi ni Allah (51:56): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako.**

Sinabi ni Allah (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na *nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang nagdidiyus-diyusan."**

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang makatagpo si Allah nang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman ay papasok sa Paraiso. Ang sinumang makatagpo si Allah nang nagtatambal sa Kanya ng anuman ay papasok sa Impiyerno.***

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Pangilagan ninyo ang pitong nakapagpapahamak.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Allah, at ano po ang mga ito? Sinabi niya: ***Ang pagtatambal kay Allah,***

Ayon sa sinabi ni Mu'ádh ibnu Jabal (RA): Noong ako ay angkas ng Propeta (SAS) sa isang asno ay nagsabi siya: ***O Mu'ádh, nalalaman mo ba ang karapatan ni Allah sa mga tao at ang karapatan ng mga tao kay Allah?*** Sinabi ko: Si Allah po at ang Sugo Niya ang higit na nakaaalam. Nagsabi siya: ***Karapatan ni Allah sa mga tao na sambahin nila Siya at hindi nila Siya tambalan ng anuman at karapatan naman ng mga tao kay Allah na hindi Niya pagdurusahin ang sinumang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman.***

## Ang mga Aral

1. Ang Shirk ay mapanganib at hindi ito mapapatawad kung hindi pagsisihan sapagkat hindi ito katulad ng ibang mga kasalanan na maaaring mapatawad kung loloobin ni Allah.
2. Na ang sinumang namatay sa kasalanang Shirk ay nawalan na ng saysay at kabuluhan ang gawa niya. Ang Shirk ay dahilan ng pananatili ng isang tao sa Impiyerno magpakailan man.
3. Ang kabutihan ng Tawhíd. Ito ang dahilan kung kaya nilikha ang jinni at tao. Ito rin ang isa sa pinakamalaking dahilan ng pagpasok sa Paraiso at ang isang dahilan ng kaligtasan sa Impiyerno.

## 3. Ang Panganib ng Pagpapakitang-tao at Bahagi Ito ng Shirk

Sinabi ni Allah (107:4-7): **Kaya kasawian sa mga nagdarasal, na sila sa pagdarasal nila ay nagpapabaya, na sila ay nagpapakitang-tao, at nagkakait ng munting tulong.**

Ayon sa sinabi ni Abu Sa‘íd ibnu Fudálah (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Kapag tinipon na ni Allah ang mga nauna at ang mga nahuli sa Araw ng Pagbangon, sa araw na walang pag-aalinlangan doon, ay may mananawagan na isang tagapanawagan [na magsasabi:] Ang sinumang sa gawa niya ay nagtambal kay Allah ng isa man, hilingin niya ang gantimpala niya***

***roon sapagkat tunay na si Allah sa pagtatambal ay ang napakawalang pangangailangan sa mga tinatambalan.***

Ayon sa sinabi ni Abu Sa‘íd alKhudríy (RA): Dumating sa amin ang Sugo ni Allah (SAS) habang kami ay nag-uusap tungkol sa Bulaang Kristo kaya nagsabi siya (SAS): ***Hindi ba’t nais ninyong ipagbigay-alam ko sa inyo ang higit na nakatatakot para sa inyo sa ganang akin kaysa sa Bulaang Kristo?*** Nagsabi kami: Opo, Sugo ni Allah. Nagsabi siya: ***Ang Tagong Shirk: na tatayo ang isang tao upang mag-dasal at pagagandahin niya ang kanyang pagdarasal dahil nakikita niya ang pagmamasid ng tao sa kanya.***

## Ang mga Aral

1. Ang pananakot laban sa pagpapakitang-tao at ang mariing babala laban dito kalakip ang mariing banta laban sa mga nagpapakitang-tao.
2. Na ang tao ay maaaring makagawa ng pagpapakitang tao nang hindi niya namamalayan.
3. Ang gawa ng nagpapakitang-tao ay ibabalik sa kanya at hindi katanggap-tanggap.
4. Ang pangamba ng Propeta (SAS) na ang mga Kasama niya ay magkasala ng pagkakasalang pagpapakitang-tao, sa kabila ng lahat na sila ang pinakamainam na nilikha matapos ang mga propeta, ay nagpapahiwatig kung gaano kapanganib ang pagpapakitang-tao.

## 4. Ang Panalangin

Sinabi ni Allah (40:60): **Nagsabi ang Panginoon ninyo: "Dumalangin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo;**

Sinabi pa Niya (2:186): **Kapag tinanong ka ng mga lingkod Ko hinggil sa Akin ay sabihin mo: "Tunay na Ako ay malapit: tinutugon Ko ang panalangin ng nananalangin kapag nanalangin siya sa Akin; kaya dinggin nila Ako at sumampalataya sila sa Akin, nang harinawa sila ay magabayan."**

Sinabi pa Niya (7:55): **Manalangin kayo sa Panginoon ninyo nang may pagpapakumbaba at nang palihim. Tunay na hindi Niya iniibig ang mga lumalabag *sa hangganan*.**

Ayon kay Nu'man ibnu Bashír (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang panalangin ay ang pagsamba.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang pinakamalapit na sandali ng tao sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa; kaya damihan ninyo ang panalangin [habang nakapatirapa].***

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah (RA): ***Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay naibigan niya ang mga maikli ngunit malaman na panalangin at inaayawa niya ang iba pa rito.***

Ayon kay 'Ubádah ibnu asSámit (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Walang lingkod na Muslim na nananalangin ng isang panalangin na hindi ibibigay ni Allah sa kanya ang hinihingi niya, o ilalaan ni Allah para sa kanya para sa Kabilang-buhay ang higit na mainam kaysa roon, o hahadlangan Niya sa kanya ang isang masamang bagay na katulad niyon, malibang nanana-***

***langin siya ng ikapagkakasala o ikapuputol ng ugnayan sa kamag-anak.***

Ayon pa rin ‘Ubádah ibnu asSámit (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsasabi noon: ***Ang panalangin ng isang Muslim para sa kanyang kapatid (sa Islam) nang hindi nito nasasaksihan ay didinggin. Sa tabi ng kanyang ulo ay may isang anghel na nakatalaga. Sa tuwing mananalangin siya ng mabuti para sa kanyang kapatid, nagsasabi ang nakatalagang anghel ng: Amen at sumaiyo ang katulad ng ipinanalangin mo.***

## Ang mga Aral

**1.** Ang panalangin ay pagsambang hindi ipinahihintulot na ibaling sa iba pa kay Allah. Ang sinumang magbaling nito sa iba pa kay Allah ay nagtambal kay Allah. Dapat malamang ang panalangin ay may dakilang kalagayan yayamang itinuring ito ng Sugo (SAS) na pagsamba o ang pinakadakilang saligan ng pagsamba.

**2.** Kaibig-ibig na hinaan ang tinig sa panalangin at kaibig-ibig din na manalangin ng mga maikli ngunit malaman na pangungusap: panalanging puno ng kahulugan sa kakaunting mga salita.

**3.** Ang babala laban sa pananalangin laban sa sarili niya o pag-aari niya o anak niya.

**4.** Ang pagiging kaibig-ibig na ipanalangin ang mga kapatid na Muslim nang hindi nila nasasaksihan.

**5.** Na kapag nananalangin ang isang tao, hindi nangangahulugang matutupad kaagad ang hinihiling niya. Maaaring ilayo sa kanya ang isang masamang bagay na katulad

ng ipinanalangin niyang ilayo sa kanya o ang katuparan ng panalangin niya ay ilalaan sa kanya para sa Kabilang-buhay at saka ibibigay sa araw na iyon na lalo niyang kailangan.

## 5. Ang Kaalaman

Sinabi ni Allah (39:9): **Sabihin mo: Nagkakapantay ba ang mga nakaaalam at ang mga hindi nakaaalam?**

Sinabi pa Niya (58:11): **iaangat ni Allah ng mga antas ang mga sumampalataya na kabilang sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman.**

Sinabi pa Niya (20:114): **at sabihin mo: "Panginoon ko, dagdagan Mo ako sa kaalaman."**

Sinabi pa Niya (35:27): **Tanging ang natatakot kay Allah mula sa mga lingkod Niya ay ang mga nakaaalam.**

Ayon sa sinabi ni Mu'awiyah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang nanaisan ni Allah ng kabutihan, bibigyan Niya ito ng pag-unawa sa Relihiyon.***

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang magturo ng isang karunungan ay magkakamit siya ng katulad ng gantimpala ng gumawa ayon dito nang hindi nababawasan ng anuman ang gantimpala ng gumagawa.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag namatay ang anak ni Adan, humihinto ang gawa niya maliban sa tatlo: kawanggawa na tuloy-tuloy, o kaalamang napakikinabangan, o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya.***

Ayon kay Sahl ibnu Sa‘d (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***sumpa man kay Allah, ang patnubayan ni Allah sa pamamagitan mo ang iisang tao ay mainam para sa iyo kaysa sa mga mamahaling kamelyo.***[7]

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al‘Áss (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Iparating ninyo ang tungkol sa akin, kahit isang talata lamang ng Qur’án.***

## Ang mga Aral

1. Inilahad sa mga talata ng Qur’án at mga Hadíth na nabanggit ang kahalagahan ng kaalaman at ng mga may kaalaman, na ang pagkakaroon ng pag-unawa sa Relihiyon ay patunay ng pagnanais ni Allah ng kabutihan sa isang tao, at na ang paghahanap ng kaalaman ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
2. Ang laki ng gantimpala sa pagtuturo sa mga tao, pagpatnubay sa kanila sa kabutihan, pagpaparating sa kanila ng kaalaman kahit kaunti lamang, at na ito ay nakapagdudulot ng kapakinabangan sa tao kahit patay na siya.
3. Na ang paghahanap ng karunungan ay mainam pa sa mga pagsambang di-kailangang gampanan.
4. Maging masigasig na palakihing matuwid ang mga bata.

[7] Ang pinakamahal na ari-arian para sa mga Arabe noon.

## 6. Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama

Sinabi ni Allah (3:110): **Kayo ay pinakamainam na kalipunang inilabas para sa mga tao: ipinag-uutos ninyo ang nakabubuti at sinasaway ninyo ang nakasasama, at sumasampalataya kayo kay Allah.**

Sinabi pa Niya (3:104): **Magkaroon mula sa inyo ng kalipunan na nag-aanyaya sa mabuti, nag-uutos sa nakabubuti at sumasaway sa nakasasama. Ang mga iyon ay ang mga matagumpay.**

Ayon sa sinabi ni Abu Sa‘íd alKhudríy (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah na nagsabi: ***Ang sinumang nakakita mula sa inyo ng nakasasama ay baguhin niya ito sa pamamagitan ng kamay niya. Ngunit kung hindi niya makaya ay sa pamamagitan ng dila niya. Ngunit kung hindi pa rin niya makaya ay sa pamamagitan ng puso niya ngunit iyan ang pinakamahinang pananampalataya.***

Ayon Kay Hudhayfah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa mga kamay Niya, talagang ipag-utos nga ninyo ang nakabubuti at talagang ipagbawal nga ninyo ang nakasasama dahil kung hindi ay talagang halos ngang si Allah ay magpapadala na sa inyo ng parusang buhat sa Kanya at pagkatapos ay kung mananalangin kayo sa Kanya ay hindi na Niya kayo diringgin.***

Ayon sa sinabi ni Abu Bakr asSiddíq (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na ang mga tao kapag nakakita ng lumalabag sa katarungan at hindi***

***nila sinupil ito, halos sama-sama silang papatawan ni Allah na kaparusahang buhat sa Kanya.***

## Ang mga Aral

1. Ang pag-uutos sa nakabubuti at ang pagsaway sa nakasasama ay dahilan ng pananagumpay.
2. Na ang sinumang makakita ng masama ay tungkulin niyang baguhin iyon ayon sa kanyang kakayahan.
3. Ang pagtatakwil sa nakasasama sa pamamagitan ng kamay (lakas) ay tungkulin ng sinumang nagtataglay ng kapagyarihan gaya ng ama sa tahanan, o isang pinuno o sinumang itinalaga niya upang kumatawan sa kanya.
4. Ang pagtatakwil sa nakasasama ay humihiling na kamuhian at layuan ang nakasasama.
5. Ang pagtalikod sa pag-uutas sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama ay isang dahilan kung bakit nahahadlangang matugon ang panalangin at ito ay isang dahilan din ng pagpapataw ng kaparusahan mula kay Allah.

## 7. Ang Wastong Paraan ng Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama

Sinabi ni Allah (16:125): **Mag-anyaya ka tungo sa landas ng Panginoon mo sa pamamagitan ng karunungan at magaling na pangangaral, at makipagtalo ka sa kanila sa *paraang* siyang pinakamagaling.**

Sinabi pa Niya (3:159): **Kaya dahil sa awa mula kay Allah, nagbanayad ka sa kanila. Kung ikaw ay naging**

**isang magaspang na mabagsik ang puso, talagang nagsilayuan na sana sila mula sa paligid mo.**

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay mabait at iniibig Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay.***

Ayon pa rin sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na ang kabaitan kapag nasa isang bagay ay pinagaganda nito iyon, at kapag inalis ay pinapapangit nito iyon.***

Ayon sa sinabi ni Jarír ibnu ‘Abdulláh (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***‘Ang sinumang pinagkakaitan ng kabaitan ay pinagkakaitan siya ng lahat ng kabutihan.***

## Ang mga Aral

1. Ang paghimok sa kabaitan at paggamit ng dunong sa pag-aanyaya sa Islam, pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.
2. Ang paggamit ng kabagsikan sa mga tao ay maaaring maging dahilan ng hindi pagtanggap sa katotohanan.

## 8. Ang Kabutihan sa mga Magulang

Sinabi ni Allah (29:8): **Tinagubilinan Namin ang tao na sa mga magulang ay gumawa ng magaling.**

Sinabi pa Niya (17:23): **Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya at sa mga magulang ay magmagandang-loob. Kung aabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanila o ang kapwa sa kani-**

**lang dalawa ay huwag kang magsabi sa kanilang dalawa ng nakasusuya at huwag mong bulyawan silang dalawa. Magsabi ka sa kanilang dalawa ng marangal na salita.**

Sinabi pa Niya (31:14): **Nagtagubilin Kami sa tao *na maging mabuti* sa mga magulang niya – ipinagdalang-tao siya ng ina niya na nanghina nang nanghina at ang pag-awat sa kanya ay sa loob ng dalawang taon. Magpasalamat ka sa Akin at sa mga magulang mo.**

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA): Tinanong ko ang Propeta (SAS) kung anong gawain ang pinakamainam. Nagsabi siya: ***Ang pagdarasal sa takdang oras nito.*** Nagsabi ako: Pagkatapos ay ano pa po? Nagsabi siya: ***Ang paggawa ng mabuti sa mga magulang.*** Nagsabi muli ako: Pagkatapos ay ano pa po? Nagsabi siya: ***Ang pakikibaka sa Landas ni Allah.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): May dumating na isang lalaki sa Sugo ni Allah at nagsabi ito: O Sugo ni Allah, sino po sa mga tao ang higit na karapat-dapat sa magandang pakikisama ko? Nagsabi siya (SAS): ***Ang ina mo.*** Nagsabi ito: Pagkatapos ay sino pa po? Nagsabi siya (SAS): ***Ang ina mo.*** Nagsabi ito: Pagkatapos ay sino pa po? Nagsabi siya (SAS): ***Ang ina mo.*** Nagsabi ito: Pagkatapos ay sino pa po? Nagsabi siya (SAS): ***Ang ama mo.***

## Ang mga Aral

1. Ang pagpaparangal ng Islam sa mga magulang, at ang pag-uutos nito na tumalima sa mga magulang at maging masigasig sa paggawa ng mabuti sa kanila.

**2.** Na ang pinaka-ibig ni Allah sa lahat ng mga gawain matapos ang pagdarasal sa takdang oras nito ay ang paggawa ng mabuti sa mga magulang.

**3.** Ang mariing babala laban sa pagsuway sa mga magulang, laban sa magaspang sa pakikipag-usap sa kanila, at laban sa pagdadabog sa kanila.

**4.** Ang pagtatalakay ng mataas na kalagayan ng isang ina: na siya ay uunahin kaysa sa ama sa pagtalima at sa paguukol ng kabutihan.

## 9. Ang Kagandahan ng Asal

Sinabi ni Allah (68:4): **Tunay na ikaw ay talagang nasa isang sukdulang kaasalan.**

Sinabi pa Niya (3:159): **Kaya dahil sa awa mula kay Allah, nagbanayad ka sa kanila. Kung ikaw ay naging isang magaspang na mabagsik ang puso, talagang nagsilayuan na sana sila mula sa paligid mo.**

Ayon kay Abu Dardá’ (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Wala nang bagay na higit pang mabigat sa timbangan ng tao sa Araw ng Pagbangon kaysa sa kagandahan ng asal. Tunay na si Allah ay namumuhi sa mahalay na nagsasalita ng masama.”***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): Tinanong ang Sugo (SAS) kung ano ang pinakamadalas na nagpapapasok sa mga tao sa Paraiso kaya nagsabi Siya (SAS): ***Ang pangingilag magkasala kay Allah at kagandahan ng asal.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang pinakaganap sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa***

***kanila sa kaasalan at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa mga maybahay nila.***

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng asal niya sa antas ng nagdarasal at nag-aayuno.***

## Ang mga Aral

1. Ang paglalahad ng kagandahan ng asal ng Sugo (SAS).
2. Ang kahalagahan at ang mataas na kalagayan ng kagandahan ng asal, at na ito ay isa dahilan ng pagpasok ng tao sa paraiso at ng pag-angat ng mga antas niya. Ang mga gawa ay titimbangin sa araw ng pagtutuuos at ang pinakamabigat na bagay sa timbangan ng isang Muslim ay ang *taqwá* (pangingilag na magkasala kay Allah) niya at ang kagandahan ng asal niya.
3. Ang paghimok ng Islam sa kagandahan sa salita at gawa, at ang pagbabala laban sa kahalayan sa salita at gawa.
4. Ang kahalagahan ng magandang pagsasama ng mag-asawa.
5. Na ang pananampalataya ay nadadagdagan sa pamamagitan ng pagtalima kay Allah at nababawasan sa pamamagitang ng pagsuway sa Kanya.

## 10. Ang Kahinahunan at ang Kabaitan

Sinabi ni Allah (3:159): **Kaya dahil sa awa mula kay Allah, nagbanayad ka sa kanila. Kung ikaw ay naging isang magaspang na mabagsik ang puso, talagang nagsilayuan na sana sila mula sa paligid mo.**

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na si Allah ay mabait at iniibig Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay.***

Ayon sa sinabi ni ibnu ‘Abbás (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS) kay Ashajj Abdulqays (RA): ***Tunay na may taglay kang dalawang katangiang naiibigan ni Allah: ang pagtitimpi at ang kahinahunan.***

Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na ang kabaitan kapag nasa isang bagay ay nagpapagaganda nito at kapag inalis ay nagpapapangit niito.***

Ayon sa sinabi Jarír ibnu ‘Abdulláh (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang pagkakaitan ng kabaitan ay pagkakaitan ng lahat ng kabutihan.***

## Ang mga Aral

1. Ang pagkaibig ni Allah sa kabaitan at na ang kabaitan ay isang dahilan ng pagpapalapit ng biyaya.
2. Na ang ilan sa mga katangian ng mga mapupunta sa Paraiso ay ang kaluwagan at ang kabaitan sa pakikitungo sa kapwa.
3. Ang kahalagahan ng kahinahunan at ang babala laban sa galit.

## 11. Ang Awa

Sinabi ni Allah hinggil sa Propeta Niyang si Muhammad (SAS) (9:128): **Talaga ngang may dumating sa inyo na isang Sugo na mula sa mga sarili ninyo, na mabigat sa kanya ang anumang ikapaghihirap ninyo, na masigasig sa kapakanan ninyo, na mahahabagin at maawain sa mga sumasampalataya.**

Nagsabi naman Siya hinggil sa mga mananampalataya (48:29): **mga maawain sa isa't isa sa kanila.**

Ayon sa sinabi ni Jarír ibnu ‘Abdulláh (RA): Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Hindi kaaawaan ni Allah ang sinumang hindi naaawa sa mga tao.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): Narinig ko si Abulqásim, ang nagpapakatotoong pinatotohanan,[8] na nagsasabi: ***Walang pinagkakaitan ng awa kundi ang buhong.***

## Ang mga Aral

1. Na ang pagkamaawain ay isa sa mga katangian ng mga mananampalataya.
2. Na ang pagkamaawain sa mga tao ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa awa ni Allah.
3. Ang pagkaalis ng awa sa puso ay tanda ng kabuhungan ng isang tao.

[8] Ang Sugo ang tintukoy ng Abulqásim.

## 12. Ang Pagbabawal sa Paglabag sa Katarungan

Sinabi ni Allah (40:18): **Ang mga lumalabag sa katarungan ay mawawalan ng anumang matalik na kaibigan ni tagapamagitang matatalima.**

Ayon kay Abu Dharr (RA), ayon sa isinasalaysay ng Propeta (SAS) hinggil kay Allah na Siya ay nagsabi: ***O mga lingkod Ko, tunay na ipinagbawal Ko sa sarili Ko ang paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong bawal sa gitna ninyo kaya naman huwag kayong maglabagan sa katarungan.***

Ayon kay Jábir (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Pangilagan ninyo ang paglabag sa katarungan sapagkat ang paglabag sa katarungan ay mga kadiliman sa Araw ng Pagbangon.***

Ayon kay Mu‘ádh ibnu Jabal (RA), batay sa H̲adíth hinggil sa pagpapadala sa kanya sa Yemen, ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Pangilagan mo ang panalangin ng nagawan ng kawalang-katarungan sapagkat walang hadlang sa pagitan [ng panalanging] ito at ni Allah.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang may paglabag sa katarungan na nagawa sa kapwa niya, sa karangalan nito o sa anuman, ay kumalas siya pananagutan bago dumating ang araw na wala nang Dinar ni Dirham. Kung siya ay may matuwid na gawa, kukuha mula rito ayon sa katumbas ng paglabag niya sa katarungan. Ngunit kung wala siyang mga naga-***

***wang maganda, kukuha mula sa mga nagawang masama ng inapi at ipapapasan sa kanya."***

## Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pang-aapi at ang babala laban dito.
2. Ang tindi ng nakalaang parusa sa lumabag sa katarungan sa mundo at sa Kabilang-buhay.
3. Ang panalangin ng nagawan ng kawalang-katarungan ay dinidinig laban sa gumawa ng kawalang-katarungan sa kanya.

## 13. Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim

Sinabi ni Allah (4:93): **Ang sinumang papatay sa isang sumasampalataya nang sinasadya, ang ganti sa kanya ay Impiyerno upang manatili roon; magagalit si Allah, isisumpa siya Nito at maghahanda Ito para sa kanya ng isang malaking pagdurusa.**

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang unang kasalanang hahatulan sa mga tao sa Araw ng Pagbangon ay kaugnay sa mga pagpatay.***

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Talagang ang paglaho ng mundo ay higit na magaan kay Allah kaysa sa pagpatay sa Muslim.***

## Ang mga Aral

1. Na ang ganti sa mamamatay-tao sa mundo ay kamatayan at sa Kabilang-buhay ay pananatili sa Impiyerno.

2. Ang mariing babala laban sa pagpatay sa isang Muslim at ang paglilinaw sa kasukdulan ng kabanalan ng buhay ng isang Muslim sa ganang kay Allah.
3. Na ang unang hahatulan sa mga tao sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pagpatay dahil sa kasukdulan ng kasalanan ng paggawa ng mga ito.

## 14. Ang Karapatan ng Muslim

Sinabi ni Allah (49:10): **Ang mga mananampalataya ay magkakapatid lamang,**

Ayon sa sinabi ni Abú Músá (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang mananampalataya sa kapwa mananampalataya ay gaya ng gusali: pinatatatag nila ang isa't isa.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang Muslim ay kapatid ng Muslim. Hindi niya pinagtataksilan ito, hindi niya pinagsisinungalingan ito, at hindi niya tinatalikdan ang pagtulong dito. Ang lahat ng nasa Muslim para sa kapwa Muslim ay bawal lapastanganin: ang karangalan niya, ang pag-aari niya, at ang buhay niya. Ang pangingilag sa pagkakasala ay narito [sa puso]. Sapat ng sa isang tao bilang kasamaan na hamakin niya ang kapatid niyang Muslim.***

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Hindi sumasampalataya ang sinuman sa inyo malibang iibigan niya para sa kapatid niya ang iibigan niya para sa sarili niya.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nag-alis sa isang Muslim***

***ng isang kapighatian, mag-aalis si Allah sa kanya ng isang kapighatian mula sa mga kapighatian sa Araw ng Pagbangon. Ang sinumang nagpaginhawa sa isang nahihirapan, pagiginhawahin siya ni Allah sa Mundo at sa Kabilang-buhay. Ang sinumang nagtakip sa isang Muslim, pagtatakpan siya ni Allah sa Araw ng Pagbangon. Si Allah ay nasa pagtulong sa tao hanggat ang tao ay nasa pagtulong sa kapatid niya.***

## Ang mga Aral

1. Ang mananampalataya ay kapatid ng mananampalataya, maging ito man ay bata o matanda, namumuno o nasasakupan.
2. Ang paghimok sa mga Muslim na magtulungan at umalalay sa lahat ng nangangailangan ng pag-alalay sa ano mang walang kinalaman sa pagsuway kay Allah.
3. Ang kabutihan ng pagtulong sa nangangailangan at ang laki ng gantimpalang inilaan doon ni Allah.

## 15. Ang Karapatan ng Kapit-bahay

Sinabi ni Allah (4:36): **Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. Sa mga magulang ay** ***gumawa ng*** **magaling, at sa mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na kamag-anak, kapit-bahay na di-kaanu-ano, kasamahan, dayuhang manlalakbay,**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya;***

***sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya!*** May nagsabi: Sino po, o Sugo ni Allah? Nagsabi Siya (SAS): ***Ang taong hindi ligtas ang kapit-bahay niya sa mga panliligalig niya.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay huwag niyang pinsalain ang kapit-bahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magparangal sa panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magsabi ng mabuti o manahimik.***

## Ang mga Aral

1. Ang paghimok at ang pagbibigay-diin sa paggawa ng mabuti sa mga kapit-bahay at ang hindi paggawa ng kapinsalaan sa kanila.
2. Na bahagi ng kaganapan ng pananampalataya ng Muslim ay ang paggawa niya ng mabuti sa kapit-bahay niya at pagpigil niyang magawan ito ng kapinsalaan kahit ito ay isang di-Muslim.

## 16. Ang Panganib ng Dila

Sinabi ni Allah (50:18): **Wala siyang binibigkas na anumang pagkakasabi malibang sa tabi niya ay may isang mapagmasid na nakahanda *magtala*.**

Sinabi pa Niya (17:36): **Huwag mong sundan ang anumang wala kang kaalaman hinggil doon. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutin.**

Ayon sa sinabi ni Músá al‘Ash‘aríy (RA): Nagsabi ako: O Sugo ni Allah, alin sa mga Muslim ang pinakamainam? Nagsabi siya (SAS): ***Ang sinumang ligtas ang Muslim sa dila niya at kamay niya.***

Ayon sa sinabi ni Sahl ibnu Sa‘d (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nagtiyak sa akin [na hindi gagamitin sa bawal] ang nasa pagitan ng bigote at balbas niya at ang nasa pagitan ng dalawang hita niya, titiyakin ko sa kanya ang Paraiso.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), narinig niya ang Propeta (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na ang tao ay talagang nakapagsalita ng salitang hindi niya napaglinawan iyon na matitisod siya dahil dito sa Impiyerno na ang lalim ay higit na malayo kaysa sa pagitan ng silangan at kanluran.***

## Ang mga Aral

1. Ang panganib ng dila at ang tungkuling pag-ingatan ito, at na ang tao ay maaaring matisod sa Impiyerno dahil sa isang salitang walang ingat niyang sinabi. Ang pagsasalita na hindi ayon sa pagtalima kay Allah ay isa sa mga dahilan ng pagpasok ng tao sa Impiyerno at ang pag-iingat sa pagsasalita ang isa rin sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso. Ang pagkakamali ng maraming mga tao ay sanhi ng walang ingat nilang pagbibitaw ng mga salitang walang kabuluhan.
2. Ang tao ay pananagutin sa mga sinabi at mga ginawa niya, at ang pinakamapanganib sa katawan ng tao ay ang dila at ang ari (*sex*).

## 17. Ang Pagbabawal sa Panlilibak

Sinabi ni Allah (49:12): **Huwag libakin ng ilan sa inyo ang iba sa inyo. Iibigin ba ng isa sa inyo na kainin ang laman ng kapatid niya kapag patay na? Kasusuklaman ninyo ito.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Nalalaman ba ninyo kung ano ang panlilibak?*** Nagsabi sila: Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na nakaa-alam. Nagsabi siya (SAS): ***Ang pagbanggit mo sa kapatid mo ng hinggil sa anumang kasusuklaman niya.*** May nagsabi: Ano po naman ang tingin ninyo kung taglay ng kapatid ko [na iyon] ang sinasabi ko? Nagsabi siya: ***Kung taglay niya ang sinasabi mo ay nilibak mo na nga siya; at kung hindi niya taglay ang sinasabi mo, siniraang-puri mo na nga siya.***

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): Sinabi ko sa Propeta (SAS): Sapat na iyo si Safíyah na ganito at ganoon. (Ibig niyang sabihin ay pandak si Safíyah.) Kaya nagsabi siya (SAS): ***Talaga ngang nakapagsabi ka ng isang salitang kung ihinalo sa tubig ng dagat ay talagang binago na sana nito iyon.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Ang lahat ng nasa Muslim para sa kapwa Muslim ay bawal lapastanganin: ang karangalan niya, ang pag-aari niya, at ang buhay niya.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magsabi ng mabuti o manahimik.***

Ayon kay Abú Dardá' (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang nagsanggalang sa karangalan ng kapatid niya, ipagsasanggalang ni Allah ang mukha niya sa Apoy sa Araw ng Pagbangon.***

## Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa panlilibak, na ito ay isa sa mga malaking kasalanan at ang katindihan ng parusa ng manlilibak.
2. Ang pagbanggit sa isang tao ng kasusuklaman niyang marinig ay isang panlilibak na ipinagbabawal, kahit pa man iyon ay nagtataglay ng katotohanan.
3. Ang tungkuling pagsabihan at pigilan ang nanlilibak sa panlilibak, ang pagbabawal sa pakikinig sa panlilibak, at ang kabutihan ng pagsasanggalang sa karangalan ng kapwa Muslim upang ipagsanggalang din ni Allah ang mukha niya sa Apoy sa araw ng Pagbangon.
4. Na ang panlilibak ay maaaring sa pamamagitan ng pagsalita o pagpapahiwatig ng kinasusuklaman ng isang tao.

## 18. Ang Kalamangan ng Pagpapakatooo at ang Pagpupula sa Pagsisinungaling

Sinabi ni Allah (16:105): **Tunay na ang gumagawagawa ng kasinungalingan ay ang mga hindi sumasampalataya lamang sa mga Tanda ni Allah, at ang mga iyon ay ang mga sinungaling.**

Sinabi pa Niya (9:119): **O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga nagpapakatotoo.**

Sinabi pa Niya (47:21): **at kung sakaling nagpakatotoo sila kay Allah, talagang ito sana ay naging mabuti para sa kanila.**

Ayon kay Hasan ibnu ‘Alíy (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Iwan mo ang nakapag-aalinlangan sa iyo tungo sa hindi nakapag-aalinlangan sa iyo sapagkat tunay na ang katapatan ay kapanatagan at ang kasinungalingan ay pag-aalinlangan.***

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na ang pagpapakatotoo ay pumapatnubay tungo sa kabutihan at ang kabutihan ay pumapatnubay tungo sa Paraiso. Tunay na ang tao ay talagang nagpapakatotoo at nagsisikap sa pagpapakatotoo hanggang sa maitala siya sa ganang kay Allah bilang makatotoo. Tunay na ang pagsisinungaling ay pumapatnubay tungo sa kabuktutan at ang kabuktutan ay pumapatnubay tungo sa Impiyerno. Ang tao ay talagang nagsisinungaling at nagsisikap sa pagsisinungaling hanggang sa maitala siya sa ganang kay Allah bilang isang palasinungaling.***

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***May apat na [katangiang] ang sinumang ang mga ito ay nasa kanya ay magiging dalisay na mapagkunwari. Ang sinumang mayroong isang katangian sa mga ito ay mayroon siyang isang katangian ng pagkamapagkunwari hanggang sa iwan niya ito: kapag pinagkatiwalaan siya ay nagtataksil siya, kapag nagsalita siya ay nagsisinungaling siya, kapag nangako siya ay sumisira siya, at kapag nakipagtalo siya ay nagsasalita siya nang marahas.***

## Ang mga Aral

1. Ang babala laban sa pagsisinungaling, na ito ay isa sa mga katangian ng mga mapagkunwari, at ang tindi ng pagdurusa ng sinumang nagkakalat ng kasinungalingan sa mga tao.
2. Na ito ay nauuwi sa mga pagsuway at na ito ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa Impiyerno.
3. Ang pagpapatatalakay ng kabutihan ng katapatan at ang paghimok na maging tapat sa lahat ng bagay.
4. Na ang pagsisinungaling ay isa sa mga tanda ng pagkukunwari.

## 19. Ang Pagbabalik-loob

Sinabi ni Allah (24:31): **Magbalik-loob kayong lahat kay Allah, o mga mananampalataya, nang harinawa kayo ay magtagumpay.**

Sinabi pa Niya (66:8): **O mga sumampalataya, magbalik-loob kayo kay Allah nang may tapat na pagbabalik-loob.**

Ayon sa sinabi ni al'Agharr ibnu Yasár alMuzaníy (RA), nagsabi ang Sugo (SAS): ***O mga tao magbalik-loob kayo kay Allah at humingi kayo ng tawad sa Kanya sapagkat tunay na ako ay nagbabalik-loob sa Kanya isang daang ulit sa isang araw."***

Ayon sa sinabi ni Anas (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Si Allah ay higit na masaya sa pagbabalik-loob ng lingkod Niya kaysa sa isa sa inyo na nakatagpo sa kamelyo niya na naiwala niya sa lupain ng tigang na disyerto.***

Ayon sa sinabi ni Anas (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Lahat ng anak ni Adam ay mapagkamali at ang pinakamainam sa mga mapagkamali ay ang mga mapagbalik-loob.***

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar ibni alKhattab (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay tumatanggap ng pagbabalik-loob ng lingkod Niya habang hindi pa umaabot ang kaluluwa sa lalamunan.***

Ayon kay Abu Músa al’Ash‘aríy (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Inaabot ni Allah ang kamay Niya sa gabi upang makapagbalik-loob ang nakagawa ng masama sa maghapon at iniaabot Niya ang kamay Niya sa maghapon upang makapagbalik-loob ang nakagawa ng masama sa gabi hanggang sa sumisikat ang araw sa kanluran nito.***

## Ang mga Aral

**1.** Ang tungkuling magbalik na nagsisi kay Allah sa lahat ng oras maging ano pa man ang kasalanan at maging gaano man ito kalaki. Ito ay isa rin sa mga dahilan ng tagumpay at kaligtasan ng tao.

**2.** Ang kahalagahan ng pagbabalik na nagsisi kay Allah, ang lawak ng awa at kagandahang-loob ni Allah at na ikinagagalak Niya ang pagsisi ng isang.

**3.** Na bahagi ng kalikasan ng tao ang pagkakamali, subalit tungkulin pa rin niyang pagsisihan at ihingi ng tawad ang mga pagkakasala niya.

## Ang mga Kundisyon sa Pagsisisi

**A.** Na isa sa mga kundisyon ng pagsisisi ay bago sumapit ang kamatayan at bago maghingalo.

**B.** Na ito ay bago sumikat ang araw sa kanluran nito yamang sa sandaling iyon ay wala nang kabuluhan ang pagsisisi.

**C.** Na ang sinumang magsisi nang tapat sa kasalanan at pagkatapos ay nagbalik sa kasalanan, ang unang pagsisi niya ay tanggap pa rin subalit mangangailangan siya ng panibagong pagbabalik-loob.

**D.** Ang pagtalikod sa kasalanan, ang pagsisisi sa nagdaang pagsuway, at ang pagtitika (matibay na pagpapasya) na hindi na magbabalik sa kasalanan.

## 20. Ang Pagbati

Sinabi ni Allah (24:27): **O mga sumampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi mga bahay ninyo malibang nagpaalam kayo at bumati kayo sa mga nakatira sa mga ito.**

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Hindi kayo papasok sa Paraiso malibang sumasampalataya kayo at hindi kayo sumasampalataya nagmamahalan kayo. Hindi ko ba kayo gabayan sa isang bagay na kapag ginawa ninyo iyon ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang pagbati sa gitna ninyo.***

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Salám (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***O mga tao, ipalaganap ninyo ang pagbati, magbigay kayo ng pagkain, panatilihin ninyo ang ugnayang pangmag-anak, at mag-***

***dasal kayo sa gabi habang ang mga tao ay natutulog at papasok kayo sa paraiso nang may kapayapaan.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Kapag dumating ang sinuman sa inyo sa isang pagtitipon ay bumati siya. Kapag ninais niyang umupo ay umupo siya. Pagkatapos kung ninais niyang tumayo [upang lumisan] ay bumati uli siya sapagkat ang unang pagbati ay hindi naman higit na karapat-dapat kaysa sa huling pagbati.***

## Ang mga Aral

1. Ang kabutihan ng pagbati, na ito ay isang dahilan ng pagmamahalan, dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
2. Kanais-nais ang pagbibigay ng pagbati sa mga Muslim na nakikilala at hindi nakikilala, at na ang pagbati ay hindi para sa kakilala lamang.
3. Na ang paraan ng pagbati ayon sa Sunnah ay ang pagsabi ng ***assalámu 'alaykum*** (ang kapayapaan ay sumainyo). Kung dinagdagan ito ng ***wa rahmatu -lláh*** (at ang awa ni Allah), ito ay higit na mainam. Kung dinagdagan ng ***wa rahmatu -lláhi wa barakátuh*** (at ang awa ni Allah at ang mga biyaya Niya), ito ay ang pinakamainam. Ang pagkatungkulin ng pagtugon sa pagbati ng tulad niyon at ang pagkakanais-nais ng pagdagdag sa pagbati.
4. Kapag sa pagtitipon ay may mga Muslim at mga Káfir, ipinahihintulot ang pagbibigay ng pagbati.
5. Ang pagbabawal sa pagsisimula ng pagbati ng ***assalámu 'alaykum*** sa mga Káfir ngunit kapag bumati sila sa atin ay ating magsasabi tayo ng ***wa 'alaykum.***

6. Ang pagkakaibig-ibig ng pagbibigay ng pagbati kapag naghiwalay ang mga Muslim at pagkatapos ay nagkita na naman, kahit sa loob ng maikling sandali.
7. Ang pagbabawal sa pagpasok sa mga bahay ng iba nang walang paalam sa nakatira sa mga ito.

## 21. Ang mga Magandang Asal sa Harap ng Pagkain

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag kakain ang sinuman sa inyo ng pagkain ay magsabi siya ng* bismi -lláh *ngunit kung nakalimutan niya sa simula ay magsabi siya sa bandang huli ng* bismi -lláhi fí awwalihi wa ákhirih.**[9]

Ayon sa sinabi ni 'Umar ibnu Abí Salamah (RA): Sinabi sa akin ng Sugo ni Allah (SAS): ***Sabihin mo ang bismi -llah, kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo, at kainin mo ang malapit sa iyo.***

Ayon kay 'Abdulláh ibnu 'Umar (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Huwag ngang kumain ang isa sa inyo sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya at huwag nga siyang uminom sa pamamagitan nito sapagkat tunay na ang Demonyo ay kumakain sa pamamagitan ng kaliwang kamay nito at umiinom sa pamamagitan niyon.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): Hindi namintas ang Sugo ni Allah (SAS) ng isang pagkain kailanman. Kung naibigan niya ito ay kakainin niya ito at kung inayawan niya ito ay iiwan niya ito.

---

[9] Sa ngalan ni Allah, sa simula nito at sa wakas nito.

## Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal na kumain sa pamamagitan ng kaliwang kamay at na ito ay may pagwawangis sa Demonyo maliban sa may mapagpapaumanhinang dahilan.
2. Ang pagkakaibig-ibig ng pagsabi ng **bismi -lláh** kapag kakain, at na ang sinumang nakalimot nito ay magsasabi nito kapag naalaala ito habang kumakain na. Kaibig-ibig din na sabihin kapag nakatapos kumain ang **Alhamdu lilláhi -lladhí at'amaní hádhá wa razaqaní min ghayri hawlim minní wa lá qúwah.**[10]
3. Na ang sunnah ay hindi pintasan ang pagkain, bagkus kung maibigan ay kainin at kung hindi naman ay huwag kainin. Ipinahihintulot ang pagbanggit ng kapintasan ng pagkain kapag ang layunin ay ang pagbibigay-alam.

## 22. Ang Paggamit ng Palikuran

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): Ang Propeta noon (SAS), kapag [nagnais na] pumasok sa palikuran, ay nagsasabi ng **Alláhumma inní a'údhu bika mina -lkhubthi wa -lkhabá'ith.**[11]

Ayon kay 'Á'ishah (RA): Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag nakalabas na sa palikuran. ay nagsasabi ng **ghufrának**.[12]

Ayon kay Jábir ibnu 'Abdulláh (RA): Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagbawal sa pag-ihi sa tubig na hindi umaagos.

---

[10] Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa akin nito at nagtustos sa akin nang walang lakas ni kapangyarihan mula sa akin.
[11] O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo.
[12] Hinihingi ko ang kapatawaran Mo.

## Ang mga Aral

1. Kaibig-ibig para sa isang Muslim kapag nagnanais na pumasok sa palikuran na magsabi ng ***Alláhumma inní a'údhu bika mina -lkhubthi wa -lkhabá'ith.*** Kaibig-ibig naman na magsabi ng ***ghufrának*** kapag lumabas na.
2. Ang tungkuling takpan ang 'awrah[13] sa harap ng mga tao. Ang pagiging kaibig-ibig na lumayo at magtago sa mga tao kapag iihi o dudumi. Kailangan ding maging maingat upang hindi humarap o tumalikod sa Qiblah kapag iihi o dudumi sa labas ng palikuran.
3. Kailangan ding maging maingat na hindi mabahiran ng ihi o dumi ang kasuutan at maglinis nang maigi matapos umihi o dumumi sa pamamagitan ng tubig kung maaari.
4. Ang paglalahad sa kalubusan ng Relihiyong Islam yamang sinasaklawan at nililinaw nito ang lahat ng bagay pati na ang magandang asal sa paggamit ng palikuran.

## 23. Ang Pagbahin at ang Paghikab

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Tunay na si Allah ay nakaiibig sa pagbahin at nasusuklam sa paghikab. Kaya kapag bumahin ang isa sa inyo at nagsabi ng* alhamdu lilláh,**[14] ***isang tungkulin para sa bawat Muslim na nakarinig sa kanya na magsabi sa kanya ng* yarhamuka -lláh.**[15] ***Tungkol naman sa paghihikab,***

---

[13] Ang 'awrah ng lalaking nasa wastong gulang ay ang nasa pagitan ng pusod at tuhod at ang sa babae naman ay ang buong katawan. May mga pantas ng Islam na nagsasabing kasama sa 'awrah ng babae ay ang mukha at ang kamay kaya tatakpan din.

[14] Ang papuri ay ukol kay Allah.

[15] Kaawaan ka ni Allah.

***ito ay galing sa Demonyo lamang. Kaya kapag naghikab ang isa sa inyo ay pigilin niya ito sa abot ng makakaya niya sapagkat tunay na ang isa sa inyo, kapag naghikab, ay natatawa sa kanya ang Demonyo.***

Ayon pa rin kay Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag bumahin ang isa sa inyo ay magsabi siya ng* alhamdu lilláh *at magsabi naman sa kanya ang kapatid niya o ang kasamahan niya ng* yarhamuka -lláh. *Kapag nagsabi ito sa kanya ng* yarhamuka -lláh *ay magsabi naman siya ng* yahdíkumu -lláhu wa yuslihu bálakum.**[16]

Ayon sa sinabi ni Abú Músá (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Kapag bumahin ang isa sa inyo at nagsabi siya ng* alhamdu lillah *ay magsabi kayo ng* yarhamuk -lláh *sa kanya. Kung hindi siya nagsabi ng alhamdu lillah [pagkatapos bumahin] ay huwag din kayong magsabi ng* yarhamuk -lláh.**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): Ang Propeta (SAS), kapag bumahin, ay nagtatakip ng mukha niya sa pamamagitan ng kamay niya o ng damit niya. Pinahihina niya sa pamamagitan nito ang tunog niyon.

## Ang mga Aral

1. Ang pagkakaibig-ibig ng pagsabi ng **yarhamuka -lláh** sa isang bumahin kapag nagsabi ito ng ***alhamdu lilláh*** matapos bumahin, kapag narinig ninuman.
2. Kapag hindi siya nagsabi ng ***alhamdu lilláh*** ay huwag din siyang sabihan ng ***yarhamuka -lláh*.**
3. Ang pagkakaibig-ibig ng pagpigil o pagsupil sa paghikab.

---

[16] Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang kalagayan ninyo.

4. Ang pagkakaibig-ibig nga pagtakip ng kamay sa bibig kapag naghihikab.
5. Ang pagkakaibig-ibig ng pagtakip ng mukha ng damit o panyo o kamay kapag bumabahin.
6. Ang kasagwaan ng pagpapalakas ng tunog ng pagbahin o paghikab.

## 24. Ang Pagmamay-ari ng Aso

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang nag-alaga ng aso, maliban sa aso para sa alagang hayop o pangangaso o pataniman, ay nababawasan ng isang qíráṯ***[17] ***mula sa gantimpala niya.***

Ayon muli kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Kapag dumila ang aso sa lalagyan***[18] ***ng isa sa inyo ay hugasan ninyo ito nang pitong ulit at kuskusin***[19] ***ninyo ito ng lupa sa ikawalo.***

## Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pag-aalaga ng aso maliban sa pangangaso o pagbabantay ng mga alagang hayop o pataniman.
2. Ang paglayo sa mga aso at ang pag-iwas sa mga ito.
3. Ang babala laban sa karumihan ng dinilaan ng aso yamang huhugasan ito nang pitong ulit at pagkatapos ay kukuskusin ng lupa.

---

[17] Ang qíráṯ ay singlaki ng bundok.

[18] Plato o kaldero o baso o anumang katulad nito.

[19] Maaaring gumamit ng sabon sa paghuhugas ng nadilaan ng aso ngunit ang pinakamainam ay kuskusin ng lupa dahil natuklasang may mikrobyong galing sa aso na napapatay ng lupa, hindi ng sabon.

## 25. Ang Pag-aalaala[20] kay Allah

Sinabi ni Allah (62:10): **at alalahanin ninyo si Allah nang madalas nang harinawa kayo ay magtagumpay.**

Sinabi pa Niya (33:41-42): **O mga sumampalataya, alalahanin ninyo si Allah nang madalas na pag-aalaala, at luwalhatiin ninyo Siya sa umaga at gabi.**

Ayon kay Abu Músá al'Ash'aríy (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang paghahalintulad ng umaalaala sa Panginoon niya at ng hindi umaalaala sa Panginoon niya ay katulad ng buhay at patay.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***May dalawang salitang magaan sa dila, mabigat sa timbangan, naiibigan ng Pinakamaawain:*** **Subhana -lláhi wa bihamdih, subhana -lláhi -l'adhím.**[21]

Ayon pa sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Na magsabi ako ng*** **subhaná -llahi wa -lhamdu lilláh**[22] ***at*** **lá iláha illa -lláhu wa -lláhu akbar**[23] ***ay higit na kaibig-ibig para sa akin kaysa sa anumang sinisikatan ng araw.***

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Ang pinakamainam na [kataga sa] pag-alaala [kay Allah] ay*** **Lá iláha illa -lláh.**

---

[20] O dhikr sa wikang Arabe: maikling pananalita sa wikang Arabe, na binabanggit bilang panalangin o pag-aalaala o pagluluwalhati kay Allah.

[21] Kaluwalhatian kay Allah at kalakip ng papuri sa Kanya; kaluwalhatian kay Allah, ang Sukdulan.

[22] Kaluwalhatian kay Allah at at ang papuri ay ukol kay Allah.

[23] Walang Diyos kundi si Allah at si Allah ay pinakadakila.

## 26. Ang Kaibigan

Sinabi ni Allah (43:67): **Ang magkakaibigan, sa araw na iyon, ang iba sa kanila ay magiging kaaway ng iba pa, maliban sa mga nangingilag sa pagkakasala.**

Sinabi pa Niya (25:27-29): ***Banggitin* ang araw na kakagat ang lumabag sa katarungan sa mga kamay niya habang nagsasabi: "O kung sana ako ay tumahak kasama ng Sugo sa tamang landas. Ah, kasawian sa akin! Kung sana ako ay hindi nagturing kay Polano bilang isang kaibigan. Talagang iniligaw nga niya ako palayo sa paalaala matapos na dumating ito sa akin.**

Sinabi pa Niya (37:50-57): **Pagkatapos ay haharap ang iba sa kanila sa iba pa habang nagtatanungan. Sasabihin ng isa sa kanila: "Tunay na ako ay may kasa-kasama noon, na nagsasabi: Ikaw ba ay talagang kabilang sa mga naniniwala? Kapag namatay ba tayo at tayo ay naging alabok at mga buto na, tunay bang tayo ay talagang mga gagantihan?" Magsasabi siya: "Kayo ba ay magsisitingin sa baba?" Kaya tumingin siya sa baba at nakita niya iyon na nasa gitna ng Apoy. Magsasabi siya: "Sumpa man kay Allah, kamuntik mo na talagang maipahamak ako; at kung hindi dahil sa biyaya ng Panginoon ko, talagang ako ay kabilang na sana sa mga dinala *sa Impiyerno*."**

Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Ang tao ay napagagaya sa paniniwala ng kaibigan niya kaya tingnan ng sinuman sa inyo ang kinakaibigan niya.***

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***May pito na lililiman sila ni Allah, pagkataas-taas Niya, sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya:...dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allah na nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya;...***

## Ang mga Aral

1. Hindi maiiwasang ang bawat tao ay may kaibigan kaya magsikap magkaroon ng matuwid na kaibigan na gagabay sa iyo sa kabutihan at tutulong sa iyo roon.
2. Na ang kaibigan ay maaaring maging pinakamatindi sa mga kaaway kapag siya ay umaakay sa mga pagsuway at kawalang-pananampalataya kay Allah.
3. Ang pag-iingat na makipagkaibigan sa mga Káfir dahil sila ay makahahadlang sa Muslim sa paggawa ng mabuti at pagtalima kay Allah.

## 27. Ang Pagtitiis

Sinabi ni Allah (3:200): **O mga sumampalataya, magtiis kayo, humigit kayo sa pagtitiis,**

Sinabi pa Niya (2:155): **Talagang susubukin nga Namin kayo sa pamamagitan ng bagay na tulad ng pangamba, gutom, at kabawasan mula sa mga ari-arian, mga buhay, at mga bunga. Balitaan mo ng nakagagalak ang mga nagtitiis,**

Ayon sa sinabi ni Suhayb (RA): Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kataka-taka ang kalagayan ng mananampalataya. Tunay na ang kalagayan niya ay pawang mabuti.***

***Walang mayroon niyon kundi ang mga mananampalataya. Kapag dinapuan siya ng nakalulugod, nagpapasalamat siya. Iyon ay mabuti para sa kanya. Kapag naman dinapuan siya ng nakalulumbay, nagtitiis siya. Iyon ay mabuti rin para sa kanya.***

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***Si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay nagsasabi: Kapag sinubok Ko ang lingkod Ko sa pamamagitan ng [pagbulag sa] dalawang pinakamamahal [na mata] niya at nagtiis siya, tutumbasan Ko siya kapalit ng dalawang iyon ng Paraiso.***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Walang dumarating sa isang Muslim na pagod, ni karamdaman, ni pagkabagabag, ni kalungkutan, ni kapinsalaan, ni lumbay, pati na ang tinik na ikinatitinik niya, malibang nagtatakip si Allah sa pamamagitan niyon ng ilan sa mga pagkakamali niya.***

Ayon pa rin kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Hindi titigil ang pagsubok sa lalaking mananampalataya o babaing mananampalataya: sa sarili niya, sa anak niya, at sa pag-aari niya, hanggang sa makatagpo niya si Allah nang wala na siyang pagkakamali.***

## Ang mga Aral

1. Ang paghihimok sa pagtitiis sa lahat ng nangyayari at ang pag-iingat laban sa paghihinanakit yamang inaalis nito ang gantimpala bunga ng pagsubok.
2. Na ang Muslim ay inaalisan ng mga pagkakasala sa pamamagitan ng dumarating sa kanya na mga pagsubok.

**3.** Ang pagtitiis sa paggawa ng mga pagtalima at ang pagtitiis sa pag-iwas sa mga pagsuway ay kabilang sa pinakamainam sa mga uri ng pagtitiis.

**4.** Kailangan para sa isang Muslim na malugod sa tadhanang ibinahagi sa kanya ni Allah yamang si Allah ay Maalam at Marunong at Siya ay higit na nakababatid sa kapakanan ng lingkod Niya.

# Mga Nilalaman

1. Ang Katapatan at Takot kay Allah ....................................3
2. Ang Shirk at ang Kabutihan ng Tawhíd ...............................5
3. Ang Panganib ng Pagpapakitang-tao at Bahagi Ito ng Shirk ..7
4. Ang Panalangin ..........................................................................9
5. Ang Kaalaman...........................................................................11
6. Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama...............................................................................13
7. Ang Wastong Paraan ng Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama.................................................14
8. Ang Kabutihan sa mga Magulang ......................................15
9. Ang Kagandahan ng Asal...................................................17
10. Ang Kahinahunan at ang Kabaitan.....................................18
11. Ang Awa ..............................................................................20
12. Ang Pagbabawal sa Paglabag sa Katarungan ......................21
13. Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim.................................22
14. Ang Karapatan ng Muslim ..................................................23
15. Ang Karapatan ng Kapit-bahay...........................................24
16. Ang Panganib ng Dila ........................................................25
17. Ang Pagbabawal sa Panlilibak ...........................................27
18. Ang Kalamangan ng Pagpapakatooo at ang Pagpupula sa Pagsisinungaling.................................................................28
19. Ang Pagbabalik-loob...........................................................32
20. Ang Pagbati..........................................................................31
21. Ang mga Magandang Asal sa Harap ng Pagkain.................34
22. Ang Paggamit ng Palikuran................................................35
23. Ang Pagbahin at ang Paghikab...........................................36
24. Ang Pagmamay-ari ng Aso..................................................38
25. Ang Pag-aalaala kay Allah ..................................................39
26. Ang Kaibigan ......................................................................40
27. Ang Pagtitiis.........................................................................41